

## Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 1 ng 20

### Talaan ng Nilalaman

- I. Layunin
- II. Mga Pahayag ng Patakaran
- III. Mga Kahulugan
  - A. Mga Halagang Pangkalahatang Sinisingil
  - B. Panahon ng Aplikasyon
  - C. Takdang Araw ng Pagtatapos
  - D. Konseho
  - E. Mga Katangi-tanging Aksyon ng Paniningil
  - F. Kita ng Pamilya
  - G. Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan
  - H. Pinansiyal na Tulong
  - I. Wala sa Network
  - J. Konseho ng Pinansiyal na Tulong
  - K. Panahon ng Pag-abiso
  - L. Buod sa Simpleng Wika
  - M. Mga Makatwirang Pagsisikap
- IV. Mga Saligan ng Kwalipikasyon
  - A. Dapat tapusin ang questionnaire ng Patakaran
  - B. Suportang dokumentasyon
  - C. Pinakamababang kinakailangang impormasyon
  - D. Dapat matugunan ng mga pinansiyal na kalagayan ang saligan ng Ospital
  - E. Mga Nakasulat o Berbal na Patotoo
  - F. Dapat ay mga naninirahan sa Illinois
  - G. Wala sa Network
  - H. Ilalapat Anuman ang kalagayang Pang-imigrasyon
  - I. Dapat nakatira ang pasyente sa Estados Unidos
  - J. Walang Diskriminasyon
  - K. Alituntunin ng Pagbabago para sa Aplikasyon
  - L. Dapat matugunan ang saligan sa kinakailangang medikal
  - M. Kahirapang Pinansiyal
  - N. Pagsaalang-alang sa Plano ng Pagbabayad
  - O. Kasalukuyan at Nagpapatuloy na Kwalipikasyon
  - P. Mga Kataliwasan
- V. Mapagpalagay na kwalipikasyon
- VI. Pagkalkula ng libre o may diskuwentong Pangangalaga
- VII. Mga alituntunin sa klinika

## Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 2 ng 20

- VIII. Pag-a-apply para sa Pinansiyal na Tulong
  - A. Paano mag-apply
  - B. Mga Nakumpletong Aplikasyon
  - C. Mga Hindi Kumpletong Aplikasyon
  - D. Iba pang mga Implikasyon ng Pagpapasiya ng Kwalipikasyon
- IX. Abiso
- X. Mga Kinakailangan sa Pag-uulat
- XI. Mga Karugtong na Bahagi/May Kaugnayang Patakaran
- XII. Mga Pahintulot
- XIII. Mga Kinakailangang Regulasyon

### I. Layunin

Nilalayan ng Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ("Patakaran") na ito na magbigay ng balangkas na kung saan ang Pinansiyal na Tulong ay gagawing magagamit ng mga pasyente ng Lurie Children's Hospital ng Chicago (ang "Ospital"). Tinutukoy ng Patakaran ang partikular na saligan ng kwalipikasyon at proseso ng aplikasyon kung saan sa ilalim nito ay ibibigay ng Ospital ang pangangalaga nang libre o sa mas mababang singil, ang ginamit na saligan sa pagkalkula ng halaga ng diskuwento, ang mga aksyon na maaaring gawin ng Ospital sa kaganapan ng hindi pagbabayad matapos gawin ang mga makatwirang pagsisikap upang malaman kung ang isang indibidwal ay kwalipikado sa ilalim ng Patakarang ito, at ang mga hakbang na gagawin ng Ospital upang mailathala nang malawakan ang Patakarang ito sa komunidad na pinaglilingkuran ng Ospital.

Nalalapat lamang ang Patakarang ito sa mga singilin para sa mga serbisyo ng Ospital at hindi umiiral sa mga tagapagbigay ng mga serbisyong medikal na hindi empleyado o kinontrata ng Ospital na magbigay ng mga serbisyong medikal, kabilang ang mga manggagamot na gumagamot sa mga pasyente ng Ospital sa batayang inpatient o outpatient.

Habang ang Patakarang ito ay tumutukoy sa "pasyente," kinikilala na kabilang sa terminong ito ang sinumang magulang, tagapag-alaga o iba pang miyembro ng pamilya na siyang o maaaring pinansiyal na responsable sa gastos ng pangangalagang ibinigay ng Ospital sa pasyente.

### II. Mga Pahayag ng Patakaran

- A. Sa pagtupad sa kanyang misyon, nakatuon ang Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital ng Chicago (ang "Ospital") na gawing madaling maakses ang mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan ng mga batang pasyente nang walang diskriminasyon batay sa lahi, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, sekswal na

## Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 3 ng 20

oryentasyon, o kakayahang magbayad, kabilang ang kung kwalipikado o hindi ang pasyente para sa Pinansiyal na Tulong, o isang medikal na maralita. Kinikilala at tinatanggap ng Ospital ang pangangailangang pinansiyal ng mga pasyente nito at ng kanilang mga pamilya na hindi kayang bayaran ang mga singil na kaugnay ng medikal na pangangalaga ng pasyente. Kaugnay noon, magbibigay ang Ospital ng pinansiyal na tulong, alinsunod sa Patakarang ito, sa mga tiyak na kwalipikadong pasyenteng nakatatanggap ng mga serbisyong pang-emerhensiya o iba pang "medikal na kinakailangang" pangangalagang pangkalusugan (gaya ng nilinaw ng Mga Sentro para sa Medicare at Medicaid).

- B. Ihahandog ang Pinansiyal na Tulong na inilarawan sa Patakarang ito sa paraang sumusunod sa mga iniaatas ng estado at pederal, at pinangangalagaan ang pangkalahatang mapagkukunan ng Ospital upang makapagpatuloy ang Ospital na gawing posible ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga batang nakatira sa Illinois na nangangailangan ng mataas na dalubhasang pangangalaga. Dapat makipagtulungan ang mga pasyente at pamilya sa Ospital sa pagkilala ng, aplikasyon para sa, at pagkuha ng mapagkukunan ng pambayad, kabilang ang tulong na pampubliko kung saan mayroon; ang mga gayong pagsisikap ay dapat na maubos bago maging kwalipikado ang isang pasyente para sa Pinansiyal na Tulong. Inaasahan ang mga pasyente at pamilya na mag-abiso sa Ospital kung mayroong mahalagang pagbabago sa kalagayang pinansiyal ng pasyente o pamilya ng pasyente. Naglalaman ang Appendix D ng Patakarang ito ng isang listahan ng mga tagapagbigay bukod sa Ospital na nagbibigay ng pang-emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga sa Ospital at tinutukoy kung ang mga tagapagbigay na iyon ay saklaw ng patakarang ito.
- C. Upang pamahalaan ang mga mapagkukunan at responsibilidad, at upang pahintulutan ang Ospital na magbigay ng tulong sa pinakamaraming bilang ng mga batang nangangailangan, ginawa ng Lupon ng Mga Tagapangasiwa, sa pamamagitan ng Komite sa Pananalapi, ang mga alituntuning ito para sa pagbibigay ng Pinansiyal na Tulong.

### III. Mga Kahulugan

- A. *Mga Halagang Pangkalahatang Sinisingil*: Ang mga singilin para sa pang-emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang serbisyo na ibinibigay sa isang pasyente na kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong ay dapat na limitado sa halagang pangkalahatang sinisingil sa mga indibidwal na may pampubliko o pang-komersiyong seguro ng kalusugan na sumasaklaw sa gayong pangangalaga ("AGB").

Patakarang Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 4 ng 20

- i. Sa pagkalkula ng AGB, pinili ng Ospital ang paraang "pagbabalik-tanaw". Nangangahulugan ito na tinutukoy ang AGB batay sa aktwal na mga nakaraang claim na binayaran sa Ospital ng mga claim na Bayad para sa Serbisyo ng Medicare kasama ang lahat ng pribadong tagaseguro ng kalusugan na nagbabayad ng mga claim sa Ospital.
- ii. Kakalkulahin ang porsyento ng diskwento sa AGB taon-taon sa pamamagitan ng paghahati sa sum ng lahat ng halaga ng contractual adjustment kung saan binayaran ng insurance ang sagutin nito bago ang panahong binubuo ng 12 buwan gamit ang sum ng mga gross na bayarin para sa mga claim na iyon. Pagkatapos, ang magresultang porsyento ay ilalapat sa mga gross na bayarin ng isang indibidwal upang bawasan ang mga sinisingil na bayarin ayon sa Porsyento ng AGB.
- iii. Kakalkulahin at ilalapat ang nirebisang porsyento sa ika-120 araw matapos ang unang araw ng simula ng taon sa kalendaryo upang malaman ang mga kalkulasyon. Nakalista ang porsyento ng AGB sa Appendix C. Para sa karagdagang impormasyon patungkol sa kalkulasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa/kay:

Patient Financial Services

Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago

225 East Chicago Avenue, Box 44

Chicago, Illinois 60611

(877) 924-8200

- B. *Panahon ng Pag-apply*: Sa Panahon ng Pag-apply, tatanggap at magpoproseso ang Ospital ng aplikasyon para sa Tulong-pinansyal, na may kopyang nakalakip sa Appendix B at matatagpuan sa website ng Ospital sa: <https://www.luriechildrens.org/financial-assistance> ("*Aplikasyon*"). Magsisimula ang Panahon ng Aplikasyon sa petsa na ibinigay ang pangangalaga at magtatapos sa ika-240 araw pagkatapos ng petsa na nagbigay ang Ospital ng unang resibo ng bayarin para sa pangangalaga matapos ang paglabas ng ospital.
- C. *Takdang Araw ng Pagtatapos*: Ang Takdang Araw ng Pagtatapos ay ang petsa kung kailan pagkatapos ay maaari nang magsimula o magpatuloy ng mga ECA (gaya ng nilinaw sa ibaba) ang Ospital laban sa isang indibidwal na nagsumite ng hindi kumpletong Aplikasyon kung ang indibidwal na iyon ay hindi nagbigay sa Ospital ng nawawalang impormasyon at/o kinakailangang dokumentasyon upang makumpleto

Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 5 ng 20

ang Aplikasyon. Ang Takdang Araw ng Pagtatapos ay hindi dapat mas maaga sa (i) 30 araw matapos bigyan ng Ospital ang indibidwal ng nakasulat na abisong ito, o (ii) sa huling araw ng Panahon ng Aplikasyon.

- D. *Konseho*: Ang Konseho ng Pinansiyal na Tulong, na binubuo ng Punong Medikal na Opisyal, Punong Opisyal sa Pananalapi, mga Pinuno ng Departamento ng Surgery at Pediatrics o kanilang mga itinalaga, isang kinatawan mula sa Faculty Practice Plan at iba pa, kung naaangkop. Higit pang tinatalakay ang mga tungkulin at responsibilidad ng Konseho sa Patakarang ito sa ibaba.
- E. *Mga Katangi-tanging Aksyon ng Paniningil (ECAs)*: Tinutukoy ang mga ECA bilang mga aksyon na: (1) nangangailangan ng prosesong legal o panghukuman laban sa isang pasyente o iba pang indibidwal na responsable sa pagbabayad para sa mga serbisyong ibinigay sa pasyente, (2) nagsasangkot ng pagbebenta ng utang sa isa pang partido, (3) pagpapaliban o pagtanggap, o paghingi ng bayad bago magbigay ng medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad ng isang indibidwal ng isa o higit pang bayarin para sa dati nang ibinigay na pangangalaga, o (4) pag-uulat ng masamang impormasyon sa mga ahensiya o kawanihan ng pautang. Kabilang sa mga aksyon na nangangailangan ng prosesong legal o panghukuman para sa layuning ito ang (a) paglalagay ng prenda (maliban kung ang prenda na iyon ay laban sa isang ikatlong partido na naging sanhi ng pinsala ng isang pasyente); (b) pagremata ng real property; (c) pagkabit o pagsamsam ng mga account sa bangko o iba pang ari-arian; (d) pagsisimula ng isang sibil na aksyon laban sa isang indibidwal; (e) paggawa ng mga aksyon na magiging sanhi ng pagkaaresto ng isang indibidwal; (f) paggawa ng mga aksyon na magiging sanhi na ang isang indibidwal ay sumailalim sa pagkadikit ng katawan; o (g) pagsamsam ng mga sahod. Hindi kabilang sa ECA ang pagpa-file ng isang claim sa anumang paglilitis ng pagkabangkarote o pakikibahagi sa mga tiyak na pagbebenta ng utang ayon sa tinukoy ng Internal Revenue Service. **Hindi makikibahagi ang Ospital sa mga ECA bago ito makagawa ng mga Makatwirang Pagsisikap upang malaman kung ang pasyente ay kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong.** Matatagpuan ang karagdagang impormasyon ukol sa paggamit ng Ospital sa mga ECA sa hiwalay na Patakaran ng Koleksyon ng Ospital, na makukuha kapag hiniling o sa website ng Ospital sa [[www.luriechildrens.org/financial-assistance](http://www.luriechildrens.org/financial-assistance)].
- F. *Kita ng Pamilya*: Ang Kita ng Pamilya ay tinutukoy batay sa mga pakahulugan na ginagamit ng Kawanihan ng Census ng U.S. at kasama ang mga kita, kabayaran sa kawalan ng trabaho, kabayaran sa mga manggagawa, Social Security, Supplemental

Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 6 ng 20

Security Income, mga bayad ng tulong na pampubliko, mga bayad sa mga beterano, mga benepisyong naulila, pensyon o kita sa pagreretiro, interes, mga dibidendo, mga upa, mga royalty, kita mula sa mga ari-arian, mga trust, tulong sa pag-aaral, sustento, suporta sa bata, tulong mula sa labas ng sambahayan at iba't-ibang pinagkukunan. Hindi itinuturing na kita ang mga benepisyong hindi cash (tulad ng tulong sa pagkain at pabahay na ibinigay sa pamamagitan ng mga programang tulong ng estado).

- G. *Pederal na Mga Alituntunin sa Kahirapan ("FPG")*: Ina-update nang pana-panahon ang mga alituntunin sa kahirapan sa Federal Register ng Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao ng U.S. sa ilalim ng pahintulot ng 42 U.S.C. 9902(2).
- H. *Pinansiyal na Tulong*: Nalalapat ang Pinansiyal na Tulong sa mga serbisyong pang-emerhensiya at iba pang medikal na kinakailangan serbisyo na iginawad sa mga pasyenteng hindi kayang magbayad, na hindi kwalipikado para sa mga programang pampubliko at sa kung saan ay nakatanggap ang Ospital ng pinansiyal na dokumentasyon na hindi makakapagbayad ang pasyente para sa mga iginawad na serbisyo. Magagamit ang Pinansiyal na Tulong para sa pangangalagang ibinigay sa mga pasyenteng may mababang kita na nakaseguro o may bahagyang saklaw subalit hindi kayang bayaran ang ilan o lahat ng natitira nilang mga bayaring medikal. Hindi kabilang sa Pinansiyal na Tulong ang mga rasyong kontraktwal sa mga kumpanya ng seguro at iba pang ikatlong partido na nagbabayad.
- I. *Wala sa Network*: Kapag walang sinang-ayunang kontrata sa plano sa insurance sa kalusugan ng mga pasyente ang provider o ang pasilidad na nagbibigay ng pangangalaga.
- J. *Konseho ng Pinansiyal na Tulong*: Tingnan ang depinisyon ng Konseho.
- K. *Panahon ng Pagbibigay-abiso*: Ang Panahon ng Pagbibigay-abiso ay tumutukoy sa panahon kung kailan dapat gumawa ang Ospital ng Makatwirang Pagsisikap na abisuhan ang pasyente tungkol sa Patakaran at kung kailan walang dapat isagawang ECA. Magsisimula ang Panahon ng Pagbibigay-abiso kapag ibinigay ng Ospital ang unang billing statement pagkalabas sa ospital at magwawakas ito sa ika-121 araw pagkatapos nito.
- L. *Buod sa Simpleng Wika*: Isang nakasulat na pahayag na nag-aabiso sa isang indibidwal na ang Ospital ay naghahandog ng pinansiyal na tulong sa ilalim ng Patakarang ito at nagbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa Pinansiyal na Tulong sa wikang malinaw, maiksi, at madaling maunawaan. Ibibilang sa Buod sa

Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 7 ng 20

Simpleng Wika ang:

- i. Isang maikling paglalarawan ng mga kinakailangan sa kwalipikasyon at ihinahandog na tulong;
- ii. Isang listahan ng website o lokasyon kung saan maaaring makuha ang Aplikasyon;
- iii. Mga tagubilin kung paano makakakuha ng libreng kopya ng Patakaran at Aplikasyon sa pamamagitan ng koreo;
- iv. Impormasyon ng contact ng isang tao na tutulong sa proseso (pati na rin ang anumang iba pang organisasyon na tinukoy ng Ospital na tutulong sa mga Aplikasyon, kung pinili ng Ospital na gawin iyon);
- v. Pagkakaroon ng partikular na mga pagkakasalin sa wika ng Patakaran; at
- vi. Isang pahayag na walang kwalipikadong pasyente para sa Pinansiyal na Tulong ang sisingilin nang higit sa AGB para sa mga serbisyong pang-emerhensiya o kinakailangang medikal na mga serbisyo.

M. *Mga Makatuwirang Pagsisikap*: Maituturing na ang Ospital ay nakagawa ng Makatuwirang Pagsisikap sa pagbibigay ng abiso sa pasyente tungkol sa Patakaran kung, hindi bababa sa 30 araw bago magsagawa ng anumang ECA, ang Ospital ay (a) nagbigay ng isang Buod ng Patakaran sa Simpleng Wika sa pasyente at nag-alok ng Aplikasyon sa pasyente bago ang paglabas mula sa Ospital, (b) nagpadala ng kahit isang resibo ng bayarin na kabilang ang kapuna-punang nakasulat na abiso ng pagkakaroon ng pinansiyal na tulong, numero ng telepono ng Ospital na kung saan makukuha ang impormasyon tungkol sa Patakaran at proseso ng Aplikasyon at ang direktang website address kung saan mada-download ang mga kopya ng Patakaran, Aplikasyon at Buod ng Patakaran sa Simpleng Wika, nagbibilang ng isang nakasulat na abiso ng mga ECA na nais simulan ng Ospital upang makakuha ng kabayaran sa pangangalaga at ang takdang panahon (sa pagsusumite ng isang Aplikasyon) kung kailan pagkatapos ay maaari nang simulan ang mga nasabing ECA, at gumawa ng makatuwirang pagsisikap upang abisuhan ang pasyente nang pasalita tungkol sa Patakaran at nasa itaas kung paano kumuha ng tulong sa proseso ng aplikasyon. Maaaring magbigay ang Ospital ng isang electronic na kopya ng Patakaran, ng Aplikasyon at ng Buod sa Simpleng Wika at gagawin ding makukuha ang mga kopyang papel ng mga dokumentong ito kapag hiniling.

Sa mga kaso ng mga pasyenteng nagsumite ng Aplikasyon, ituturing na gumawa ng Makatuwirang Pagsisikap ang Ospital:

- i. Kapag nagsumite ang pasyente at/o pamilya ng hindi kumpletong Aplikasyon,



Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 8 ng 20

at ang Ospital ay:

- (a) sinuspindi ang anumang ECA laban sa pasyente;
- (b) nagbigay ng nakasulat na abiso na naglalarawan ng kung anong karagdagang impormasyon o dokumentasyon ang kailangan upang makumpleto ang proseso ng aplikasyon at naglakip ng Buod sa Simpleng Wika; at
- (c) kung ang Aplikasyon ay nakumpleto sa Panahon ng Aplikasyon, sinusunod ng Ospital ang mga hakbang sa Makatuwirang Pagsisikap na inilalarawan sa ibaba para sa isang nakumpletong Aplikasyon.

ii. Kapag nagsumite ang pasyente at/o pamilya ng kumpletong Aplikasyon sa Panahon ng Aplikasyon, at ang Ospital ay:

- (a) sinuspindi ang anumang ECA laban sa pasyente;
- (b) napapanahong gumagawa at nagdodokumento ng pagpapasiya kung ang pasyente ay kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong; at
- (c) inaabisuhan ang pasyente nang nakasulat ukol sa pasiya ng kwalipikasyon (kabilang, kung kinakailangan, ang tulong na kung saan ay kwalipikado ang pasyente) at ang batayan ng pagpapasiyang ito.

iii. Kapag napagpasiyahan na ang pasyente at/o ang pamilya ay kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong, kung ang Ospital ay:

- (a) sa kaso ng isang pasyente na napagpasiyahang kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong maliban sa libreng pangangalaga, ibinibigay sa pasyente ang resibo ng bayarin na tinutukoy (i) ang halaga ng utang matapos bawasin ang Pinansiyal na Tulong, (ii) kung paano natukoy ang halagang iyon, at (iii) kung paanong ang pasyente ay makakakuha ng impormasyon ukol sa AGB para sa pangangalaga;
- (b) ibinabalik ang anumang sobrang kabayaran na ginawa ng pasyente; at
- (c) gumagawa ng lahat ng makatuwirang hakbang na kinakailangan upang baliktarin ang anumang mga ECA (maliban sa pagbebenta ng isang utang o isang desisyon upang antalain o ipagpaliban ang pangangalaga dahil sa hindi pagbayad) na ginawa laban sa pasyente.

#### IV. Saligan ng Kwalipikasyon

- A. Upang maisaalang-alang na kwalipikado para sa libreng pangangalaga o pangangalaga na may bawas sa singil, dapat mag-apply ang pasyente o pamilya sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Aplikasyon (*tingnan* ang Appendix A) at pagbibigay ng suportang dokumentasyon.



Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Saklaw: Buong organisasyon

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Pahina 9 ng 20

- B. Kabilang sa mga suportang dokumentasyon para sa Aplikasyon ang (kung naaangkop): mga kasalukuyang pay stub, mga statement ng bangko, mga bayad sa buwis ng nakaraang taon, isang nilagdaang sulat ng tagapag-empelyo, at mga tseke ng Social Security o tseke ng kapansanan. Ang kabiguang magbigay ng anuman sa mga dokumentong ito, kung kinakailangan ng Aplikasyon, ay maaaring magresulta sa pagtanggì ng Pinansiyal na Tulong. Hindi tatanggihan ang mga aplikante ng Pinansiyal na Tulong batay sa kanilang kabiguan na magbigay ng impormasyon o dokumentasyon na hindi malinaw na kinakailangan ng Patakarang ito o ng Aplikasyon.
- C. Ang desisyon na magbigay ng Pinansiyal na Tulong ay ibabatay, sa pinakamababa, sa pagsusuri ng mga sumusunod na partikular na batayan, na ganap na idodokumento ng pasyente sa Aplikasyon (na napapailalim sa Seksyon IV (E) sa ibaba): kita, mga ari-arian at pananagutan ng pamilya sa petsa ng serbisyo.
- D. Ang Ospital, sa kanyang sariling pagpapasiya, ay maaaring isaalang-alang ang iba pang mahinang saligan kapag tinutukoy ang kwalipikasyon ng isang pasyente para sa Pinansiyal na Tulong, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
- i. laki ng pangunahing pamilya ng pasyente;
  - ii. kalagayang medikal ng pangunahing (mga) tagatustos ng pamilya ng pasyente;
  - iii. kalagayan ng trabaho ng pasyente o mga tagapag-alaga ng pasyente kasama ang mga potensyal na kita sa hinaharap ng pangunahing (mga) tagatustos ng pamilya;
  - iv. ang kagustuhan ng pamilya na makipagtulungan sa Ospital sa paglapit sa lahat ng posibleng mapagkukunan ng pambayad; at
  - v. ang halaga at dalas ng mga bayarin sa Ospital at iba pang may kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan/medikasyon kaugnay ng lahat ng iba pang mga itinuturing na kadahilanan.
- E. Dahil sa iba't ibang mga kalagayan, maaaring hindi magagamit ang mga suportang dokumentasyon na kinakailangan upang ipakita ang kwalipikasyon ng pasyente para sa Pinansiyal na Tulong. Maaaring isaalang-alang ng Ospital, sa kanyang sariling pagpapasiya, ang mga berbal at/o nakasulat na patotoo mula sa pasyente o pamilya ng pasyente tungkol sa saligan ng kwalipikasyon.

Patakarang ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 10 ng 20

- F. Upang maging kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong, dapat na nakatira sa Illinois ang pasyente. Ang paglipat sa Illinois para lamang sa layuning makatanggap ng mga benepisyong pangangalang pangkalusugan ay hindi nakalulugod sa paninirahan. Maaaring kabilang sa mga katanggap-tanggap na pagtitiyak ng paninirahan sa Illinois ang balidong ID kard na ibinigay ng estado, bayarin sa utility, kard ng rehistrasyon ng sasakyan, kard ng rehistrasyon ng botante o pahayag mula sa isang miyembro ng pamilya ng hindi nakasegurong pasyente na nakatira sa parehong address at nagpakita ng pagtitiyak ng paninirahan.
- G. Kung hindi naabisuhan ang pasyente tungkol sa kanyang status na wala sa network bago ang pagbibigay ng serbisyo, maaaring maging kwalipikado para sa pinansiyal na tulong ang serbisyo.
- H. Ilalapat ang Patakarang ito anuman ang kalagayang pang-imigrasyon ng pasyente.
- I. Ang mga batang naninirahan sa ibang bansa ay hindi kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong.
- J. Hindi tatanggihan ang mga aplikante para sa Pinansiyal na Tulong batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, edad, bansang pinagmulan, o katayuang sibil.
- K. Ang anumang libre o may diskuwentong pangangalaga na ihinahandog sa ilalim ng Patakarang ito ay sasailalim sa pagsusuri upang matiyak ang pagsunod sa Patakarang ito.
- L. Ang pangangailangan para sa medikal na paggamot ng sinumang pasyente ay ibabatay sa pagpapasiyang klinikal ng tagapagbigay ng pangangalang pangkalusugan nang walang pagtatangi sa kalagayang pinansiyal ng pasyente at/o ng pamilya. Gagamutin ang lahat ng pasyente para sa mga emerhensiyang medikal na kondisyon (sa loob ng kahulugan ng Seksyon 1867 ng Batas ng Social Security (42 U.S.C 1395dd)) nang walang diskriminasyon at anuman ang kanilang kakayahang magbayad o kwalipikasyon para sa libre o may diskuwentong pangangalaga.
- M. Ang mga aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong at/o bagong impormasyon ukol sa mga dahilang ginamit upang suriin ang mga aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong (tulad ng pagbabago sa laki o kita ng pamilya), ay tatanggapin at/o susuriin sa anumang oras sa Panahon ng Aplikasyon. Nauunawaan na maaaring may maganap na pinansiyal na kahirapan matapos ang petsa ng serbisyo. Anuman ang panahon ng

## Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Saklaw: Buong organisasyon

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Pahina 11 ng 20

- pangyayari ng pinansiyal na kahirapan, susuriin ang mga indibidwal na pangyayari sa anumang kahilingan para sa Pinansiyal na Tulong na maayos na isinumite sa panahon ng aplikasyon
- N. Ang mga pamilyang may Kita ng Pamilya na lumalampas sa alituntunin ng saligan sa kwalipikasyon na nakasaad sa itaas ay maaaring mag-apply sa at salain ng Ospital para maisaalang-alang sa plano ng pagbabayad.
- O. Kapag nagawa ang isang pagpapasiya ng kwalipikasyon para sa Pinansiyal na Tulong, lahat ng mga account ng mga pasyente sa loob ng parehong pamilya ay pangangasiwaan sa parehong paraan para sa pangangalagang ibinigay sa loob ng anim na buwan kasunod ng petsa ng pagpapasiyang iyon, na hindi kinakailangan ang pagkumpleto ng bagong Aplikasyon. Ilalapat ang mga diskuwento sa lahat ng bukas na balanse ng sariling pagbabayad. Kakailanganin ang bagong Aplikasyon para sa pangangalagang ibinigay na higit sa anim na buwan matapos ang paunang (o iba pang naunang) pagpapasiya o kung may natanggap na palatandaan na ang pinansiyal na kalagayan ng pasyente o pamilya ay makabuluhang nagbago mula sa panimulang panahon ng pagsusuri.
- P. Maaari lamang gawin ang eksepsyon sa saligan na nasa itaas kung mayroong pag-apruba ng Konseho.

### **V. Mapagpalagay na Kwalipikasyon**

Ang listahan sa ibaba ay kinatawan ng mga pangyayari kung saan ang pasyente ay itinuturing na kwalipikado para sa 100 porsiyentong pagbabawas (ibig sabihin, libreng pangangalaga para sa emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang serbisyo) sa pagbibigay sa Ospital ng (1) isang patotoo ng pasyente o ng kanyang legal na tagapag-alaga o kinatawan sa kanyang pagtugon sa isa o higit pang mga saligan at/o (2) dokumentasyon ng kanyang pagsali sa isa o higit pa sa mga programang ito at anumang iba pang makatuwirang dokumentasyon na hiniling ng Ospital (sa lawak na naaangkop):

- i. Pagsali sa pinondohan ng estado na mga programa sa reseta;
- ii. Pagsali sa Women's Infants, and Children's Programs (WIC), Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), Programa ng Libreng Tanghalian at Almusal ng Illinois, Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP), o tumanggap ng kaloob na tulong para sa mga serbisyong medikal;
- iii. Mga pasyenteng tumanggap ng pangangalagang medikal mula sa isang

Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 12 ng 20

organisadong programa na nakabatay sa komunidad na nagbibigay ng access sa medikal na pangangalaga na nagtatasa at nagdodokumento ng limitadong mababang kita na kalagayang pinansiyal bilang saligan para sa pagiging miyembro.

- iv. Isinaad ng pasyente na siya ay walang tahanan;
- v. Ibinigay ang mababang kita/tulong na pabahay bilang balidong tirahan;
- vi. Kakulangan sa pag-iisip na walang sinumang kikilos sa ngalan ng pasyente;
- vii. Namatay na walang pag-aari; o
- viii. Kwalipikasyon sa Medicaid, ngunit hindi sa petsa ng serbisyo o para sa serbisyon hindi nasasakop.

**VI. Pagkalkula ng Libre o May Diskuwentong Pangangalaga**

A. Lilimitahan ng Ospital ang mga halagang sinisingil sa mga pasyenteng kwalipikado sa ilalim ng Patakarang ito sa hindi hihigit sa AGB o sa mga halagang itinakda sa tsart na matatagpuan sa Seksyon VI.C. sa ibaba (alinman ang mas mababa). Isang resibo ng bayarin na inilabas ng Ospital sa pasyente/pamilya na kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong ang maaaring magpahayag ng kabuuang singil para sa pangangalaga ng pasyente at ilapat ang kontraktual na mga rasyon, diskuwento o kabawasan sa kabuuang mga singil, kung ang aktwal na halaga na ang indibidwal ay personal na responsable sa pagbabayad ay ang nagpapaupa sa AGB o sa halagang itinakda sa Seksyon VI.C

B. Nakabatay ang mga antas ng Pinansiyal na Tulong na ibinibigay ng Ospital sa Kita ng Pamilya at FPG. Karaniwang inilalathala ang mga update ng FPG at ina-update ng Ospital ang mga patakaran nito sa pinakahuling inilabas na mga alituntunin sa kahirapan ng Pederal (tingnan ang Appendix A).

Kinakalkula ang mga halaga ng diskuwento o libreng pangangalaga ayon sa ipinapakita sa ibaba:

C. Idagdag

Kita ng Pamilya bilang % FPG	% Obligasyon ng Pamilya	Lurie Children's Charity %
0-300	0%	100%
301-325	20.00%	80.00%
326-350	40.00%	60.00%
351-375	60.00%	40.00%

Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Saklaw: Buong organisasyon

Pahina 13 ng 20

376-400	80.00%	20.00%
>400	100.00%	0.00%

Karagdagang kinakalkula ng Ospital ang 135% ng Gastos ayon sa Kinalkula sa Medicare Cost Report Worksheet C kapag isinasaalang-alang ang Pinansiyal na Tulong. Pagkatapos ay iaayos ng Ospital ang pananagutan ng Pamilya sa pamamagitan ng kalkulasyon ng diskuwento na pinaka kapaki-pakinabang sa pasyente.

- D. Sa mga sitwasyon na kung saan ang pasyente ay hindi nakaseguro at ang Kita ng Pamilya ay nasa pagitan ng 400% at 600% ng FPG (at ang Pinansiyal na Tulong ay hindi ibinigay sa ilalim ng Patakarang ito sa anyong libre o may diskuwentong pangangalaga), magiging responsable ang pasyente para sa 135% ng mga gastos na kinalkula sa Ulat ng Gastos ng Medicare - Worksheet C. Bilang karagdagan, ang pinakamalaking halaga na maaaring kailanganin (para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na ibinigay ng Ospital) mula sa isang pasyente na napagpasiyahan ng Ospital na kwalipikado sa ilalim ng talatang (D) ito ay 25% ng Kita ng Pamilya ng pasyente at napapailalim sa patuloy na kwalipikasyon ng mga pasyente sa ilalim ng Patakarang ito.
- E. Ang pasyenteng naging kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong sa ilalim ng Patakarang ito ay itinuturing na "siningil" lamang sa halaga na personal na responsable ang pasyente na bayaran sa Ospital para sa kanyang mga serbisyong medikal, habang isinasaalang-alang ang lahat ng mga kabawasan at diskuwentong inilapat at anumang halagang ibinayad ng mga taga-seguro.
- F. Naghahandog ang Programa sa Pinalawig na Plano ng Hindi Pagbabayad ng Ospital ng mga pagsasaayos sa pagbabayad para sa mga kwalipikadong pasyente na maaaring hindi kayang magbayad ng balanse sa iisang panahon.

**VII. Mga Alituntunin para sa Pagsasaalang-alang ng Ospital ng mga Serbisyong May Espesyalidad**

- A. Ang mga desisyon na magbigay ng mga mamahaling tiyak na serbisyong may espesyalidad, tulad ng mga transplant ng mga organo o paggamot sa kalusugan ng pag-uugali, kapag ang pasyente at ang kanilang pamilya ay nangangailangan ng Pinansiyal na Tulong, ay gagawin ayon sa rekomendasyon ng naaangkop na tagapangasiwa ng serbisyong may espesyalidad at pag-apruba ng Konseho. Kokonsultahin ng naaangkop na tagapangasiwa ng serbisyong may espesyalidad at ng Konseho ang mga manggagamot at ang pamunuan sa pagsusuri ng lahat ng kaugnay

## Patakaran ng Pamamahala at Manwal ng Pamamaraan

Pinansiyal na Tulong

Petsa ng Bisa: Agosto 18, 2016

Saklaw: Buong organisasyon

Rebisyon: Mayo 14, 2020

Pahina 14 ng 20

na klinikal, wasto at pinansiyal na kadahilanan.

- B. Maaari ding konsultahin ng Konseho ang isang ethicist. Ibibigay lamang ang Pinansiyal na Tulong para sa mga serbisyong may espesyalidad sa mga bihirang pangyayari at kung pinahihintulutan ng budget ng Pinansiyal na Tulong ng Ospital. Kinikilala at tinatanggap ng Ospital ang pananagutan nito na magbigay ng bahagi nito sa mga serbisyong ito sa mga pasyenteng walang kakayahang magbayad para sa mga ito. Higit pang kinikilala ng Ospital na dapat nitong panatilihin ang sapat na pondo upang magawa nitong tugunan ang pangkalahatang responsibilidad na ihatid ang mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng komunidad ng mga bata.
- C. Upang tipunin ang Konseho, ang clinician na nagrerekomenda ng isang partikular na paggamot sa pasyente na nangangailangan ng konsiderasyon sa ilalim ng Seksyon VII ay dapat na makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng serbisyong may espesyalidad. Tutulong ang tagapangasiwa ng serbisyong may espesyalidad sa paghahanda ng pakete ng impormasyon at pagsasaayos ng pulong ng Konseho upang suriin ang isang Aplikasyon.
- D. May karapatan ang pasyente at/o pamilya ng pasyente na mag-apela sa pagtanggig ng Ospital sa Pinansiyal na Tulong. Dapat na isumite ang nakasulat na apela sa 30 araw ng abiso ng orihinal na pagtanggig. Isasaalang-alang ng Konseho ang mga apela ng lahat ng pasyente at/o pamilya. Ang desisyon ng Konseho sa anumang apela ay magiging pinal at may-bisa sa lahat ng mga partido.

### **VIII. Pag-a-apply para sa Pinansiyal na Tulong**

